# Mga Bahagi Ng Teksto

**April M. Bagon-Faeldan, Ph.D.**

**Mindoro State College of Agriculture and Technology (MinSCAT)**

? ? ?

Paano mo minamarkahan ang komposisyong isinulat ng iyong estudyante?

Ano-ano ang iyong mga pamantayan? ☺

# Balangkas

## Mga Bahagi ng Teksto

1 - Introduksyon: Paano Susulatin?

2 - Ang Katawan: Paano Ilalahad?

3 - Ang Kongklusyon: Paano Bubuuin?

# Ang Introduksyon

## 1. Magbahagi ng isang Katotohanan

Ang pagsisimula ng isang talata sa isang nakawiwiling patotoo ay magpapaisip sa iyong tagapakinig o tagabasa para sabihin niyang may gusto pa akong malaman sa paksang iyan.

# Ang Introduksyon

Halimbawa, ang isang di pangkaraniwang ulat-kaalaman tungkol sa panitikan ay maaaring makahihikayat nang lubos sa mga tagapakinig o tagabasa ng iyong sulatin.

# Ang Introduksyon

## 1. Magbahagi ng isang Katotohanan

Marami ang nagsasabi na ang mga paniki ay nakapandidiri. Mapapawi lamang ang kaisipang ito kung mababatid na ang isang kawan ng mga paniki ay nakakakain ng mahigit sa 99 na libra (*pound*) ng mapanirang insekto sa loob ng isang gabi. Sa kabila ng kanilang nakatatakot na mukha at ilang nakakapanindig balahibong mga kuwento, maituturing na malaking tulong ang mga paniki sa tao.

# Ang Introduksyon

<u>2. Maglahad sa tulong ng isang paglalarawan</u>

- Sino ang hindi masisiyahan sa isang panimulang malinaw at makulay? Nadarama mo tuloy na parang totoo ang binabasa o iyong pinapakinggan.

# Ang Introduksyon

Ang mga detalyeng inilahad ay nagbibigay ng angkop na panimula para sa isang talakay hinggil sa kabutihang dulot ng agham at teknolohiya.

# Ang Introduksyon

## 2. Maglahad sa tulong ng isang paglalarawan

Mabilis, malaganap at patuloy ang pagbabago sa ating kapaligiran. Ang moog ng matatandang paniniwala at mga tradisyon ay patuloy na pinapalitan ng mga bagong kaisipan at imbensyon. Ang iba't ibang kagamitan at kasangkapan ng tao ay nagagawa sa mabilis na paraan. Anupat sa pagdaan ng panahon, patuloy ang pagtuklas at paggawa ng mga bagay na nakatutugon sa dumaraming pangangailangan ng tao para sa makabagong pamumuhay. Ang lahat ng ito ay bunga ng agham at teknolohiya.

# Ang Introduksyon

## 3. Magbigay ng Tanong

Ang tanong sa simula ng isang komposisisyon ay maaaring mag-udyok sa iyong tagabasa na ipagpatuloy ang pagbabasa upang malaman ang sagot sa tanong.

# Ang Introduksyon

Pansinin kung paanong ang introduksyon ay nagsilbing paanyaya sa tagabasa upang malaman kung paano binago ng pagkakaimbento ng plastik ang daigdig ng paglilibang.

# Ang Introduksyon

## 3. Magbigay ng Tanong

Ano ang karaniwan sa bola ng bilyar na gamit ni Efren 'Bata' Reyes at sa pelikulang ating pinapanood? Dahil sa pagsisikap na makatuklas ng pamalit sa mabigat na bola ng bilyar na gawa sa *ivory*, nagawa ni John Hyatt na makalikha ng *celluloid*. Ang sangkap na ito na yari sa plastik ay ginagamit din sa paggawa ng mga pelikula na ating napapanood.

# Ang Introduksyon

**4. Magsalaysay ng isang Pangyayari o Kaganapan**

Ang isang makatawag-pansing salaysay na may mga pansuportang detalye at gumagamit ng pandama ay sapat na upang pantawag-pansin sa mata ng target na tagabasa.

# Ang Introduksyon

Ipinapakita naman sa halimbawa kung paano ginagawa ang isang pangyayari upang simulan ang ulat sa agham.

# Ang Introduksyon

## 4. Magsalaysay ng isang Pangyayari o Kaganapan

Noong ako ay bata pa, malimit na ginagawa naming magkakalaro ang pagkikiskis ng lobo sa aming buhok. Pagkatapos ay ididikit namin sa aming damit. May isa sa amin ang nagwika ng ganito, "Para akong nakuryente," at wala kaming kamalay-malay, nakalikha na pala kami ng elektrisidad na *static*.

# Ang Introduksyon

## 5. Gumamit ng Dayalogo

Ang pagbanggit sa mga sinabi ng iba ay epektibong teknik sa pagsisimula ng isang sulatin. Maaari ring gumamit ng dayalog upang maakit ang tagabasa.

# Ang Introduksyon

## 5. Gumamit ng Dayalogo

"Natakot ka ba?" tanong ng bunso kong kapatid.

"Saan sa kulog at kidlat? Hindi, oy."

Nang biglang kumidlat. Tinamaan ang puno ng sampalok sa harap ng aming bahay. Bigla akong umamin, "Oo, pero kaunti lang."

Malakas ang ulan at ihip ng hangin sa labas. Wala pa ang aming mga magulang. Kami lamang magkapatid sa bahay.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

A. Ang Paggamit ng mga Pang-ugnay

## 1. Paglalahad na Pakronolohikal

Upang mailahad na pakronolohikal o ayon sa sunod-sunod na pangyayari ang mga detalye ng isang talata, ginagamit ang mga pang-ugnay na: ***una, ikalawa, palagi, pagkatapos, susunod, at saka, nauna rito, kahulihan, kahapon, ngayon, bukas*** at iba pa.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 2. Paglalahad na Paglulugar o Pagpupuwesto

Ginagamit ang mga pang-ugnay na ***sa likod, sa ibabaw, sa tabi, sa piling (tao), sa ibaba, sa kabila ng, sa ibayo ng, kanugnog, kanluran, sa gitna, kalapit, katapat, sa dako pa roon, sa di kalayuan at iba pa.***

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 2. Paglalahad na Paglulugar o Pagpupuwesto

Ang mga manonood ay pumasok sa *gawing likuran* ng teatro. Ang tanghalan ay *nasa unahan*, at ang labasan kung may sunog ay makikita sa *gawing kaliwa* at *kanan* ng tanghalan.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## <u>3. Paglalahad na Pagbibigay-diin</u>

Ginagamit naman ang susumusunod : ***higit sa lahat, sa katotohanan, sa katunayan, totoong mahalaga, higit pa rito, sa kabila ng lahat, ang mabuti rito, ang masama, ang masaklap at iba pa.***

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 3. Paglalahad na Pagbibigay-diin

*Sa totoo lang,* ang paglalakbay na ito ay mangangahulugang makaiiwas ako ng ilang araw sa bangayan ng aking mga kapatid sa pagpili ng panonooring programa sa TV. Pero *ang masaklap sa lahat,* diyeta ako sa pagkain dahil hindi ako maipagluluto ng aking nanay ng masarap na pagkain.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 4. Paglalahad ng Pagkakatulad at Pag-iiba

**Pagtutulad:** *gaya ng, katulad ng, kawangis ng, gayundin (naman), animoý, kapara at iba pa.*

**Pag-iiba:** *ngunit, subalit, datapwat, sa kabilang dako, sa papaanong paraan, lalo pang mabuti at iba pa.*

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

**5. Paglalahad ng Sanhi at Bunga**

Ginagamit ang mga pang-ugnay na: sa ganoon, sa ganito, sa wakas, sa dakong huli, kung gayon, samakatwid, sa kadahilanang ito, sa madaling sabi, sa totoo lang, dahil dito, alinsunod dito, kaya nga at iba pa.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 6. Iba pang Pang-ugnay

(a) **Pagtanggap/Pagpayag** – walang alinlangan, talaga, walang duda, ipagpalagay na

(b) **Paghahalimbawa/Paglalarawan** – ipaghalimbawa bilang patunay, bilang halimbawa, sa bagay na ito, sadyang ganoon

(c) **Paglalahat/Pagbubuod** – sa wakas, sa kabuuan, sa madaling salita, bilang pagwawakas, sa madaling sabi, sa kalahatan, sa bandang huli, kaya nga

(d) **Sa paglipas ng panahon** – samantala, habang, sa bandang huli, sa loob ng madaling panahon, pansamantala, di naglaon, noon, hanggang, walang kaabug-abog, magbuhat nang, noon pa mang, mula nang, di-kawasa

(e) **Pagbibigay-diin** – higit sa lahat, sa katunayan, sa katotohanan, higit pa rito, sa kabila ng lahat

(f) **Paglulugar/Pagpupuwesto** – sa ibaba, sa tabi, sa piling (tao), sa kabila ng, sa ibayo ng, di-maabot, higit na malayo, sa di kalayuan, kanugnog, sa dako pa roon, sa kanluran (timog, hilaga, silangan)

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

**B. Ang Elaborasyon o Pagdedetalye**

1. **Mga Patotoo at Estatistika**

**Ang patotoo ay isang pahayag na napapatotohanan. Ang estatistika naman ay isang katotohanang may suportang ebidensya tulad ng mga bilang.**

**Mapapansin sa halimbawa ang pag-uugnayan ng patotoo at estatistika na tiyakang sumusuporta sa pahayag na binuo.**

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 1. Mga Patotoo at Estatistika

Ang *Statue of Liberty*, isa sa pinakapopular na bantayog sa *United States of America* ay napakamahal tustusan. Mula noong taong 1983 hanggang 1986, humigit kumulang umabot sa US $66 milyon ang nagastos ng pamahalaan ng America sa pagkukumpuni ng nababalutang tansong estatwa na may kabuuang 151 talampakan.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 2. Mga Detalyeng Padamdam

Sa pamamagitan ng mga salitang padamdam tulad ng pang-amoy, pandinig, paningin, pandama at panlasa, magagawa ng isang manunulat na tulungan ang kanyang tagabasa na maranasan din ang paksang inilalahad niya.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 2. Mga Detalyeng Padamdam

Totoong kabadung-kabado ako nang sinasagutan ko ang pagsusulit sa matematika nang nakaraang linggo. Halos nanunuyo ang aking lalamunan dahil hindi ko namamalayan na kagat-kagat ko pala ang lapis ko. Pawis na pawis ang aking mga palad at nag-iwan tuloy ito ng mantsa sa aking sagutang papel. Ang pag-tik-tak ng orasan ay parang tunog ng tambol ang dating sa aking dibdib.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 3. Paglalahad ng Isang Pangyayari

Ang paglalahad ng isang kaganapan ay makakatulong sa pagpapaliwanag o pagdedebelop ng isang ideya.

Tingnan kung paanong ang pagsasama ng isang pangyayari ay nakatulong sa paglinang ng paksa tungkol sa phobia sa mataas na lugar.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 3. Paglalahad ng Isang Pangyayari

Ang mga taong may phobia sa matataas na lugar ay may posibilidad na pawisan kahit na sa mga sitwasyong totoo namang ligtas. Nang ako at ang kaibigan kong si Lilia ay umakyat sa *rooftop* ng isang *shopping mall*, tuwang-tuwa akong pinagmamasdan ang magandang tanawin sa paligid samantalang putlang-putla naman si Lilia na parang binabad sa suka at nanginginig ang buong katawan.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 4. Paglalahad na May Halimbawa

Ang modelong talata sa ibaba ay nagpapakita kung paanong ang paghahalimbawa ay nakatutulong nang malaki sa pagsuporta o paglilinaw ng pangunahing ideya. Mas epektibo ang paggamit ng halimababawa kaysa mahahabang pagpapaliwanag.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 4. Paglalahad na May Halimbawa

Likas sa mga Pilipino ang hilig at talino sa musika. Waring humihimig na siya pagkapanganak pa lamang. Kaya naman bawat damdamin, lalo't matindi, ay idinadaan sa pag-awit. Nakalilikha siya ng himig kaugnay ng kanyang pang-araw-araw na gawain gaya ng pagtatanim at pag-aani ng palay. Kung medyo napapagod o nahihirapan, sumisipol siya ng himig para gumaan at mapadali ang gawain. Palibhasa ay bumeberso rin, nalalapatan niya ng himig ang mga salita ng mga tulang nagbuhat sa puso at isipan.

# Ang Katawan: Paano Ilalahad?

## 4. Paglalahad na May Halimbawa

Halimbawa'y ganito ang direksyon ng isang eksena sa isang iskrip; "umaga sa monumento, pasado alas otso, maraming pasahero ang nag-aabang ng bus, halos lahat ay nagmamadali, nakikipag-agawan sa pagsakay." Hulaan nga ninyo kung ilang artista ang nag-aabang ng bus? Hindi maaaring dalawa o tatlo lamang, dahil lima ang mga ekstra na ito. Kung kayo ang magpopondo ng dulang ito, babayaran ba ninyo ang apat o limang artista para lamang lumabas sa unang minuto ng dula?

*Halaw: Kung Paano Hwag Magsulat ng Dula sa Filipino ni Isagani Cruz, Filipino Magazine, Marso 14, 1994*

# Ang Kongklusyon

1. <u>Pagbubuod ng Teksto</u>

Tapusin ang sulatin sa pamamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa inilahad na pangunahing ideya. Katasin ang mahahalagang kaisipang sinabi tungkol sa paksa bilang paglalagom. Gawin ito sa isang maikling talata.

# Ang Kongklusyon

## 1. Pagbubuod ng Teksto

Gaya ng ipinakita sa talakay, ang pagtatanim ng puno kung Arbor Day ay higit pa sa pagpapakitang lugod bilang simbolikong pagkilos sa araw na ito. Dahil sa pagtatanim ng mga puno, nagiging maaliwalas ang paligid at nagsisilbi rin itong magandang halimbawa para magtanim din ang iba. Dahil din sa pagtatanim ng puno, ang mga kabataan ay nagkakaroon ng isang mithiin at layunin. Iisa ang kanilang pinapangarap kaya sama-sama silang kumilos upang matamo ang layunin. Ang pagtatanim ng kahit isang puno ay lilikha ng isang pagbabago sa kapaligiran na ang magiging epekto ay pangmatagalan.

# Ang Kongklusyon

## 2. Pagbibigay ng Katanungan

Mas magiging mabisa ang pagwawakas ng isang talakay kung mag-iiwam ka ng isang tanong na makakapagpaisip sa target na tagabasa.

> Sa papaunting bilang ng mga mangingisdang lumalabag sa batas, tuluyan na kayang bubuti at sasagana ang ating yamang-dagat?

# Ang Kongklusyon

## 3. Pagbibigay ng Hula

Ang pagtatapos ng isang komposisyon ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng kahihinatnan ng pinapaksa. Sa ganitong paraan, mapagkukuro ng mambabasa kung ano ang maaari niyang gawin o kaya ay maiambag na maaaring magpabago sa kanyan kamalayan at makialam sa inaakala niyang solusyon hinggil sa inilahad na paksa.

# Ang Kongklusyon

## 3. Pagbibigay ng Hula

Sa kawalan ng malasakit ng mga namumuno sa kapakanan ng ating mamamayan, napipiho kong ang anumang programang ilulunsad ng pamahalaan ng Pilipinas sa taong 2008 ay maliwanag na hindi maisasakatuparan.

# Ang Kongklusyon

## 4. Pagwawakas ng Isang Sipi

Gaya ng paggamit ng isang sipi sa pagsisimula ng isang komposisyon, maaari ring wakasan ito sa isang sipi. Karaniwang ang mga siping ginagamit ay nagdudulot ng aral o kaisipang lilimiin ng mga mambabasa.

# Ang Kongklusyon

## 4. Pagwawakas ng Isang Sipi

Bilang pagwawakas, nais kong sipiin ang mga linya ni Balagtas bilang paglalahad ng isang katotohanan sa buhay upang magsilbing tanglaw sa mga nawawalan ng tiwala sa pagtanggap ng mga kaganapan ng sarili: "Datapwat sino ang tatarok kaya sa mahal Mong lihim, Diyos na Dakila? Walang nangyayari sa balat ng lupa, di may kagaling ang iyong ninanasa."

# Ang Kongklusyon

## 5. Paglalahad ng Rekomendasyon

Kung ang isinusulat ay isang talatang nanghihikayat o nanghihimok kaya, maaaring tapusin ang komposisyon sa pamamagitan ng pagsasabi o pagpapayo sa tagabasa kung ano ang nais mong ipagawa sa kania.

# Ang Kongklusyon

## 5. Paglalahad ng Rekomendasyon

Dahil ang pag-aaral ng banyagang wika ay magbibigay sa iyo ng pagkakataong lumawak ang mundong ginagalawan at makatagpo ng bagong mga kaibigan, magpatala ka na ngayong tag-init ng panimulang kurso sa wikang Niponggo o Aleman.

# Pagsasanay

# Pagsasanay

# Pagsasanay

# Sanggunian

Badayos, Paquito B. et.al. 2008. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.